

# Te Pae Tata | Pansamantalang Plano sa Kalusugan ng New Zealand 2022

Te Pae Tata | Ang pansamantalang Plano sa Kalusugan ng New Zealand 2022 ang opisyal na dokumento na nagtatakda ng unang dalawang taon ng aksyon para sa Te Whatu Ora – Health New Zealand at Te Aka Whai Ora – Māori Health Authority habang binabago namin ang pangkalusugang pangangalaga sa Aotearoa New Zealand.

Inilalarawan ng Te Pae Tata ang unang mga hakbang na gagawin namin nang kakaiba upang bumuo ng mga batayan ng isang likas-kaya at abot-kaya, at papagkaisahing sistema ng kalusugan na mas mabuting magsisilbi sa lahat ng mga tao at komunidad ng Aoteroa.

Sa susunod na dalawang taon, kami ay tutuon sa sumusunod na mga bahagi:

- Pae ora – Mas mahusay na kalusugan at kagalingan sa ating mga komunidad
- Kahu Taurima – Pagiging ina at ang maagang pagkabata
- Mate pukupuku – Mga tao na may kanser
- Māuiuitanga taumaha – Mga tao na may talamak na mga kalagayang pangkalusugan
- Oranga hinengaro – Mga tao na may pagdurusang pangkaisipan, sakit at mga pagkasugapa
- Pabutihin ang pagkakapantay-pantay ng mga pangkalusugang kalalabasan – Maghatid ng pinabuting pae ora para sa mga taong Māori, Pasipiko at Tāngata whaikaha | Mga taong may kapansanan.

## PAE ORA | MAS MAHUSAY NA KALUSUGAN AT KAGALINGAN SA ATING MGA KOMUNIDAD

Magkakaroon ang mga tao ng mas malusog na mga buhay kapag dama nilang bahagi sila ng isang inklusibong komunidad, may access sa ligtas, may mabuting kalidad na pabahay, at sila ay aktibo na may mabuting nutrisyon at suportang pandamdamin.

Ang pinabuting kagalingan ng komunidad ay kasasangkutan ng iwi, hapū, mga komunidad, lokal na pamahalaan, mga serbisyong pangkalusugan at panlipunan, kasama ang iba pang mga ahensya at organisasyon.

Ang ating pagtugon sa COVID-19 ay nagpakita na may lakas at kakayahan ang mga komunidad upang mapabuti ang kalusugan at mamagitan nang maaga upang maiwasan ang pagkakasakit. Sa susunod na dalawang taon, dadagdagan natin ang mga nakamit na ito, magpapatuloy na gumamit ng pamamaraang paghadlang at proactive upang suportahan ang kagalingan.

### Mga mithiin

- Tutugon ang sistema ng kalusugan sa mga pangangailangan, lakas at layunin ng mga tao at whānau upang mapabuti ang mga pangkalusugang kalalabasan para sa bawat isa.
- Ang mga tao at whānau ay susuportahan upang pamahalaan ang sarili nilang kagalingan, at manatiling malusog at nakikipag-ugnayan sa kanilang mga komunidad.
- Ang mga pangunahing serbisyo ng pangkalusugang pangangalaga ay maa-access, abot-kaya, at angkop para sa lahat ng mga komunidad.
- Ang mga lokal na komunidad ay magkakaroon ng mas matatag na pagsasabi ng kanilang opinyon sa mga serbisyong pangkalusugan sa pakikipagtuwang ng iwi at lokal na mga network.

## KAHU TAURIMA | PAGIGING INA AT MAAGANG PAGKABATA

Ang unang 2,000 araw ng isang bata ang lilikha ng batayan para sa kabuuan ng kanyang kinabukasan. Ito ay mahalagang panahon na aapekto sa habambuhay na kalusugan at kagalingan.

Sa susunod na dalawang taon, ang gawain ng programang Kahu Taurima ay gagawa ng mga hakbang upang mapabuti ang mga serbisyo at suporta para sa mga sanggol, maliliit na bata at sa kanilang whānau.

### Mga mithiin

- Ang mga serbisyong pangkalusugan para sa pagiging ina at maagang pagkabata, para sa unang 2,000 araw mula sa paglilihi hanggang limang taong gulang, ay pagsasama-samahin, gagawing pang-kabuuan (holistic) at angkop sa kultura para sa lahat ng whānau.
- Ang mga serbisyong pangkalusugan para sa pagiging ina at maagang pagkabata na Te Ao Māori, nakatuon sa whānau at Pasipikong fanau ay mas maddaling makukuha.
- Ang mga tao ay magkakaroon ng mas mahusay na pag-access sa kalusugang pangkaisipan para sa mga ina at mga landasin sa pangangalaga ng kagalingan, kabilang ang pag-access ng serbisyo sa pangungulila (bereavement) at espesyalistang mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan.
- Magbibigay ng intensibong suporta (wrap-around support) para sa wāhine hapū na pangangalaga bago ipanganak at sa pagsilang, kabilang ang mga paraan upang magbigay ng pangmatagalang pamamagitan at mga serbisyong panghadlang.

## MATE PUKUPUKU | MGA TAO NA MAY KANSER

Halos 23,000 mga tao taun-taon ang nadadayagnos na may kanser at 10,000 ang namamatay mula sa sakit na ito. Tayo ay may mga pagkakataon upang mapabuti ang paghadlang at pagkaligtas, lalo na para sa mga taong Māori at Pasipiko.

Nais ng mga pasyenteng may kanser at ng kanilang whānau ng mga serbisyong ibinagay sa kanilang pangangailangan, pang-kabuuan, at may mataas na kalidad. Sa susunod na dalawang taon, magpopokus kami sa paghahatid ng mga serbisyong pangangalaga sa kanser na pantay-pantay at may mataas na kalidad, mula sa paghadlang hanggang sa palyatibong pangangalaga, na maaaring ma-access ng lahat.

### Mga mithiin

- Magkaka-access ang lahat sa may mataas na kalidad na pangangalaga sa kanser, saanman sila naninirahan. Kabilang dito ang mga serbisyong panghadlang sa kanser, mas mahusay na mga opsyon sa pagdiyagnos at mas mahusay na pag-access sa paggamot na nasa oras at may mataas na kalidad.
- Ang paghahatid ng pangangalaga sa lahat ng yugto ng pangangalaga sa kanser ay magiging pantay-pantay, mula sa paghadlang hanggang sa palyatibo, katapusan ng buhay na pangangalaga at pagkaligtas.
- Mas maraming mga provider sa komunidad na Māori at Pasipiko ang tutulong na mapabuti ang pagsali ng mga Māori at Paipiko sa pag-screen para sa kanser sa suso, matris at bituka.
- Ang mga opsyon sa pangangalaga para sa mga pasyenteng may kanser ay gagawin nang malapit sa kanilang tahanan hangga't maaari, habang nagpapanatili ng mga serbisyong may mataas na kalidad at likas-kaya.

## MĀUIUITANGA TAUMAHA | MGA TAO NA MAY TALAMAK NA MGA KALAGAYANG PANGKALUSUGAN

Isa sa apat na taga-New Zealand ang may maraming talamak na mga kalagayang pangkalusugan na madalas nararanasan ng ilang mga henerasyon sa kaparehong whānau – gaya ng diyabetis, sakit sa puso, atake-serebral (stroke), sakit sa baga at gout.

Ang pinakamagaling na paraan para matalakay natin ang mga kalagayang ito ay ang suportahan ang mga tao at ang kanilang whānau na mamuhay nang malusog upang mabawasan ang pabigat ng mga sakit na ito. Binabalangkas ng Te Pae Tata ang mga mithiin at aksyon para sa programang ito sa susunod na dalawang taon.

### Mga mithiin

- Ang mga serbisyong pangkalusugan at mga provider ay makikipagtulungan sa whānau upang mapabuti ang kalusugan at kagalingan ng mga taong naapektuhan, at mababawasan ang pangangailangang maospital.
- Ipatatupad ang maa-access at pare-parehong mga serbisyong klinikal sa buong bansa para sa diyabetis, mga sakit sa puso, mga kondisyon sa baga, stroke at gout.
- Ang mga pangkat ng espesyalistang suporta ay makikipagtulungan sa mga pangunahin at pangkomunidad na provider ng pangangalaga upang matiyak na makukuha ng mga tao at whānau ang paggamot na kailangan nila.

## ORANGA HINENGARO | MGA TAO NA MAY PAGDURUSANG PANGKAIKAIPIAN, SAKIT AT MGA PAGKASUGAPA

Mahigit 50 porsyento ng mga taga-New Zealand ang daranas ng mga hamon ng pagdurusang pangkaisipan at pagkasugapa sa ilang yugto ng kanilang buhay, na maaaring makaapekto sa kakayahan nilang mag-alaga ng kanilang sarili at ng kanilang whānau.

Marami tayong magagawa upang suportahan ang mas mahusay na kalusugang pangkaisipan at kagalingan para sa mga taga-New Zealand.

Sa susunod na dalawang taon, ipagpapatuloy namin ang pagbabago ng sistema ng kalusugang pangkaisipan makaraan ang ulat ng He Ara Oranga, kabilang ang pagpapatupad at pagpapalawak ng mga serbisyong may mataas na kalidad at pantay-pantay para sa lahat na may pagdurusang pangkaisipan, sakit o pagkasugapa.

### Mga mithiin

- Pabubutihin at palalawakin ang mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan at pagkasugapa para sa mga kabataan, mga komunidad na rainbow, at mga taong Māori at Pasipiko.
- Ang Te Ao Māori na mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan ay ididisenyo at palalawakin, at may makukuhang mas mahusay na pag-access at mapagpipiliang mga serbisyo.
- Magkakaroon ng pagtuon sa mas mahusay na kalusugang pangkaisipan para sa mga taong Pasipiko at Tāngata whaikaha | mga taong may kapansanan at titiyaking gagana ang mga serbisyo para sa kanila.
- Dadagdagan ang mga suportang serbisyo para sa mga tao na may malubhang mga problema sa kalusugang pangkaisipan, upang sila ay makapamuhay nang malusog sa komunidad at maiwasan ang pagpapaospital.

## KALUSUGAN NG MĀORI

Bumubuo kami ng isang sistema ng kalusugan na kasama ang Te Tiriti o Waitangi bilang batayan nito, magbabahagi ng paggawa ng desisyon at mga mapagkukunan at pananagutin ang kabuuang sistema ng kalusugan para sa pagkakapantay-pantay ng kalusugan ng Māori.

Ang trabahong ginagawa ng Te Whatu Ora upang mapabuti ang kalusugan ng Māori ay sasalamin sa inaasahan na ang pagpapabuti at pagkakapantay-pantay ng kalusugan ng Māori ay tungkulin ng lahat. Titiyakin ng Te Aka Whai Ora na ang ating sistema ay may matatag na pagtuon sa Te Ao Māori.

### Mga mithiin

- Pabutihin ang pagkakapantay-pantay ng mga pangkalusugang kalalabasan para sa Māori at maghatid ng pagpapabuti ng pae ora para sa Māori.
- Tiyakin ang mga polisiyang batay sa ebidensya para sa paghadlang at kagalingan. Mahalaga ang matatag na kalusugan ng populasyon at paghadlang upang makamit ang pantay at pangkalahatang pagpapabuti ng kalusugan ng Māori.
- Ang mga serbisyo ay magiging nakapokus sa whānau at magkakaugnay, at nagbibigay ng mga lugar na ligtas, nakahanay sa kultura, magkakaiba at inklusibo.
- Ang mga serbisyo sa pangunahing pangangalaga para sa hinaharap ay maa-access, abot-kaya, makukuha at angkop para sa Māori.
- Dadagdagan namin ang bilang ng mga Māori na papasok sa mga karerang pangkalusugan, habang ginagawa ring ligtas ang ating mga organisasyon at mga lugar ng trabaho na nagpapabuti ng mana.

## KALUSUGAN NG PASIPIKO

Batid namin na maraming mga bahagi ng sistema ng kalusugan ang hindi gumaganang mabuti para sa mga taong Pasipiko, aiga, ngutuare tangata, famili, kāinga, magafaoa, kaiga, vuvale at kaaiga (mga pamilya) at mga komunidad.

Sa susunod na dalawang taon, sisimulan namin ang programa ng gawain na susuporta sa mga pamilyang Pasipiko at komunidad sa New Zealand upang manatiling malusog, at upang ang mga taong Pasipiko ay maka-access ng pangangalaga na kailangan nila kailanman at saanman nila kailangan ito.

### Mga mithiin

- Bubuo at patatatagin namin ang mga batayan para sa kalusugan ng Pasipiko, at titiyaking may mga tinig ng Pasipiko sa paggawa ng desisyon sa buong sistema ng kalusugan.
- Lilikha kami ng isang matatag na sistema na susuporta sa mga datos ng kalusugan ng Pasipiko, mga kamalayang klinikal at ng komunidad upang harapin ang mga prayoridad sa kalusugan ng Pasipiko.
- Sa pagsuporta sa matatag na pagkomisyon ng Pasipiko at pagpapaunlad ng Provider na Pasipiko, mamumuhunan kami sa mas maraming mga serbisyong ari ng komunidad at mamumuno ng mga serbisyong pangkalusugan at makikipag-ugnayan nang mas makabuluhan sa mga komunidad.
- Susuportahan at palalaguin namin ang isang matatag na lakas-manggagawa sa kalusugang Pasipiko.

## TĀNGATA WHAIKAHA | MGA TAONG MAY KAPANSANAN

Tāngata whaikaha | Binubuo ng mga taong may kapansanan ang halos sangkapat ng populasyon ng Aotearoa New Zealand. Kabilang sila sa lahat ng edad, grupong etniko at kultura, identidad ng kasarian, sekswalidad, lokalidad, grupong sosyo-ekonomiko at bawat whānau at komunidad.

Dapat maging responsibilidad ng sistema ng kalusugan ang pagbibigay ng kalusugang pangangalaga na angkop at maa-access ng Tāngata whaikaha | mga taong may kapansanan.

### Mga mithiin

- Lahat ng mga serbisyong pangkalusugan ay maa-access, inklusibo at patas para sa Tāngata whaikaha | mga taong may kapansanan.
- Makakakuha ng inklusibong mga huwaran ng pangangalaga, mga landasin at serbisyo ang Tāngata whaikaha | mga taong may kapansanan at komunidad na mangangailangan ng mga ito.
- Nangangako kami na ipagpapatuloy ang radikal at masusukat na pagbabago tungo sa mga serbisyo ng kalusugang pangangalaga na itinutulak ng mga tao, whānau at komunidad.
- Tāngata whaikaha | Ang mga taong may kapansanan ay susuportahan upang pamunuan ang pag-uusap sa pagbuo ng mga proseso, pagpapalano, disenyo at pagkomisyon ng mga serbisyong pangkalusugan.